



Mga Smoke Alarm

Unang linya ng depensa mo ang gumaganang smoke alarm kung may sunog sa iyong bahay.

NAKAKAPAGLIGTAS NG BUHAY ANG MGA SMOKE ALARM

Kung tumunog ang alarm...

- + Lumabas at manatili sa labas.
- + Huwag kailanman bumalik sa loob para sa mga tao o alagang hayop.
- + Kailangan mong makatakas sa usok, dumapa at gumapang sa ilalim ng usok patungo sa labasan.
- + Tumawag sa 911 mula sa labas ng bahay mo.

Ingatan ang iyong mga smoke alarm.

- + Palaging sundin ang mga tagubilin ng manufacturer kapag nag-i-install ng mga smoke alarm.

- + Mag-install ng mga smoke alarm sa labas ng bawat tulugan.
- + Subukan ang mga alarm bawat buwan sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa test button.
- + Palitan ang lahat ng alarm (parehong de-kuryente at pinapatakbo ng baterya) bawat 10 taon.
- + Palitan ang mga baterya ng alarm nang hindi bababa sa isang beses kada taon.
- + Sundin ang mga tagubilin ng manufacturer para sa paglilinis at maintenance.



Ikabit nang mataas sa kisame o pader

CHECKLIST NG KALIGTASAN SA SUNOG

Ikaw ba ay...

- May mga gumaganang smoke alarm sa lahat ng palapag ng bahay mo?
- May mga alarm ng Carbon Monoxide sa labas ng lahat ng lugar ng tulugan?
- Pana-panahong naglilinis ng labas na bahagi ng mga alarm mo?
- May plano sa paglabas ng bahay kung may sunog at pana-panahong nasasanay ito?
- May mga numero ng bahay na malinaw na nakikita mula sa kalye?

Impormasyon tungkol sa Sunog

- + Ayon sa National Fire Protection Association (NFPA), nababawasan ng wastong naka-install at ganap na gumaganang smoke alarm ang panganib na mamatay dahil sa sunog nang 60%.
- + Mahigit one third (38%) ng mga pagkamatay sa bahay dahil sa sunog ay resulta ng mga sunog kung saan walang smoke alarm (NFPA).
- + Nagkakaroon ng mga pagkamatay dahil sa sunog dahil sa paglanghap ng usok at mga nakakalasang gas, hindi dahil sa mismong sunog. Kaya napakahalaga para sa survival ang maagang pagtukoy na naibibigay ng mga smoke alarm.

Tandaan, tumataas ang usok.

- + Kapag nag-i-install ng mga smoke alarm, ilagay ang mga ito sa kisame o mataas na lugar sa pader alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.
- + Pag-isipang magdagdag ng magkakonektang smoke alarm. Sa paraang ito, kapag tumunog ang isang smoke alarm, tutunog ang lahat, na magbibigay ng dagdag na panahon para sa paglikas.

Tiyaking maririnig ng lahat ang mga smoke alarm.

- + Available ang mga smoke alarm at pang-alertong device/accessory para sa mga taong bingi o nahihirapang makarinig, pati na rin para sa mga mahihimbing matulog.
- + Available rin ang mga strobe light o pillow/bed shaker.



PLANUHIN AT SANAYIN
ANG IYONG PLANO SA PAGTAKAS
KAPAG MAY SUNOG SA BAHAY.
PALAGING ALAMIN ANG DALAWANG
DAAN PALABAS NG BAWAT KUWARTO.